Tunay na si Allāh ay naninibugho. Tunay na ang mananampalataya ay naninibugho. Ang paninibugho ni Allāh ay na gumawa ang mananampalataya ng ipinagbawal Niya rito."}

Ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Tunay na si Allāh ay naninibugho. Tunay na ang mananampalataya ay naninibugho. Ang paninibugho ni Allāh ay na gumawa ang mananampalataya ng ipinagbawal Niya rito."}

[Tumpak] [Nagkasang-ayon sa katumpakan nito]

Nagpapabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na si Allāh ay naninibugho, namumuhi, at nasusuklam kung paanong ang mananampalataya ay naninibugho, namumuhi, at nasusuklam; at na ang kadahilanan ng paninibugho ni Allāh ay na gumawa ang mananampalataya ng ipinagbawal ni Allāh dito na mga kahalayan gaya ng pangangalunya, sodomiya, pagnanakaw, pag-inom ng alak, at iba pa sa mga ito kabilang sa mga kahalayan.

http://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/3354